

## 1. Layunin ng survey

Ang layunin ng survey na ito ay upang mapag-aralan ang katayuan sa trabaho pagkatapos ng pagsasanay, pagbabago ng antas ng trabaho, at paggamit ng teknolohiya, kasanayan at kaalaman na nakuha sa bansang Hapon para sa mga teknikal intern trainee na nakumpleto ang programang pagsasanay sa teknikal na intern at nakabalik na sa kanilang sariling bansa. Paglilinaw ng mga tunay na sitwasyon para sa mga teknikal intern trainee na nakabalik na sa kanilang sariling bansa at nagbibigay ng pangunahing impormasyon para matiyak na naaangkop at maayos ang pagpapatupad ng Technical Intern Training Program.

## 2. Target ng Survey

Mga teknikal intern trainee na nakumpleto ang teknikal na pagsasanay at bumalik (\*o naka-iskedyul na bumalik sa sariling bansa) sa panahon ng September 1, 2023 hanggang December 31, 2024, na ang nasyonalidad ay Vietnamese, Chinese, Indonesian, Filipino at Thai.

\*Kabilang na ang mga teknikal intern trainee na nagpaplanong baguhin ang kanilang residence status sa isang status maliban sa "technical intern training" at magtrabaho sa Japan o mga trainee na nagtatrabaho na sa Japan pagkatapos makumpleto ang kanilang technical intern training sa panahon ng survey

## 3. Paraan ng Survey

- 1) Magpapadala ang OTIT sa mga nangangasiwang organisasyon at sa mga nagpapatupad na individual-enterprise-type training ng mga questionnaire sa sariling wika ng mga trainee at mga gabay kung paano sumagot sa online survey. Papakiusapan na ipamahagi ito ayon sa bilang ng mga trainee na nasa kanila.
- 2) Kukumpletuhin ng mga trainee ang questionnaire pagkatapos bumalik sa sariling bansa o pagkatapos na makumpleto ang training, at ipadadala ito sa survey office ng OTIT o sasagutin sa online.
- 3) Ang questionnaire ay isang anonymous basis at multiple choice style na may kasamang espasyo para sa mga free text.

## 4. Bilang ng wastong tugon at rate ng pagtugon


Binilang at pinagsama ang mga tugon na ipinadala noong September 1, 2023 hanggang February 29, 2024.

Bilang ng target ng survey	Bilang ng wastong tugon	Rate ng pagtugon
31,666	7,936 (Kabilang na ang mga tumugon na 4,700 na katao na "hindi pa nakakabalik sa sariling bansa)	25.1% (Kabilang dito ang 14.8% na tumugon na "hindi pa nakakabalik sa sariling bansa)

# Breakdown ng wastong tugon


## Kasarian ng mga tumugon

Ang mga lalaki ay nasa 52.5% at nag babae ay nasa 46.9%.  
(N=7,936 ; FY 2023)




## Edad ng mga tumugon

69.5% ang sinasakop ng mga trainee na wala pang 30 yrs. old.  
(N=7,936 ; FY 2023)



## Uri ng trabaho ng teknikal intern training

Dumarami ang trabaho sa Paggawa ng pagkain (20.7%) at Makinarya/Paggawa ng Produktong Metal (20.2%).  
(N=7,936 ; FY 2023)




\*Kabilang sa "At iba pa" ang Plastic Molding, Care worker, Welding, Automobile repair at maintenance, Industrial packaging, Building cleaning atbp.

# Epekto ng Technical Intern Training

## Epekto ng technical intern training

92.1% sa mga sumagot ay nagsasabi na ang natutunan nila sa panahon ng technical intern training ay, “kapakipakinabang”.

(N=3,236 ; FY2023)




## Mga detalyeng kapakipakinabang

\*Sa FY2021 at FY2023, ang mga dating trainee na “hindi pa bumabalik sa sariling bansa”, ay hindi isinama sa data.

Sa mga espesipikong detalye bakit kapakipakinabang, pinakamataas ang “Nakamtan na technical skills” na nasa 76.0%, sinundan ng “Disiplina sa trabaho” na 67.6% , at “Karanasan sa pamumuhay sa Japan” na nasa 66.8%.

(N=2,981 ; FY2023)




# Katayuan ng trabaho pagkatapos bumalik sa sariling bansa

## Katayuan ng trabaho matapos bumalik sa sariling bansa


- \* "Babalik sa Japan para sa Construction (shipbuilding) designated activities" ay idinagdag sa options mula sa FY2018-FY2020.
- \* "Babalik sa Japan bilang Specified Skilled Worker" ay idinagdag sa option mula FY2019.
- \* Sa FY2021 at FY2023, ang mga dating trainee na "hindi pa bumabalik sa sariling bansa", ay hindi kabilang sa data.

Tungkol sa katayuan sa trabaho matapos bumalik sa sariling bansa, 31.1% sa mga sumagot ay "natanggap at nagtatrabaho" (12.4%) , "natanggap at nakaiskedyul na magtrabaho" (6.4%), o nagsimula ng negosyo(12.3%). Dagdag dito 20.3% sa sumagot ay "naghahanap ng trabaho". Para sa status ng kategorya ng trabaho , tingnan ang p. 9, kategorya sa nasyonalidad, tingnan sa p.10 at kategorya ng training, tingnan sa p.11. ( N=3,179 ; FY2023)



## Espesipikong nilalaman ng trabaho

Sa mga sumagot na "natanggap at nagtatrabaho", "natanggap at naka-iskedyul na magtrabaho" o "nagsimula ng negosyo", 65.1% ang nagsabing, "pareho ang trabaho tulad ng sa training"(48.5%) o "pareho ang uri ng trabaho sa training"(16.6%) . ( N=990 ; FY2023)




# Mga security deposit

## Mayroon o walang security deposit

Sa FY2021 at FY2023, ang mga dating trainee na “hindi pa bumabalik sa sariling bansa”, ay kabilang sa data.


85.1% sa mga respondent ay sumagot na hindi nila kailangan magbayad ng kahit anong security deposit. (N=7,936 ; FY2023)



## Mayroon o walang refund sa security deposit

\*Sa FY2021 at FY2023, ang mga dating trainee na “hindi pa bumabalik sa sariling bansa”, ay kabilang sa data.

Tungkol sa katanungan sa refund sa security deposit, 54.0% sa mga respondent ay sumagot na ibinalik lahat ang mga idineposito. (N=387 ; FY2023)



\*Ang “Security deposit” ay tumutukoy sa pera, ari-arian, at iba pa na idineposito ng trainee o miyembro ng kanyang pamilya sa nagpapadalang organisasyon o nangangasiwang organisasyon, na kung saan magiging kabayaran kapag ang trainee ay tumakas o sa iba pang dahilan. Ito ay hindi utang upang matustos ang mga gastos sa pagpunta sa Japan


# Problema sa panahon ng training (paninirahan) sa Japan

## Mga ipinagbabawal sa panahon ng training

\*“Bawal makipag-date”, at “Hindi maganda ang pagtrato dahil sa pagpapakasal, pagbubuntis at panganganak”, ay idinagdag sa options noong FY2019.

\* Sa FY2021 at FY2023, ang mga dating trainee na “hindi pa bumabalik sa sariling bansa”, ay kabilang sa data. **\*Maaring ang sagot ay higit pa sa isa**


97.4% sa mga respondent ay sumagot na hindi sila pinagbabawalan sa anumang aktibidad (kabilang na ang mga hindi sumagot sa tanong). 1.1% na kumakatawan sa pinakamalaking bahagi sa ipinagbabawal na aktibidad ay ang “bawal ang paggamit ng cellphone”, na sinundan ng “bawal makipag-date” na nasa 0.9% . ( N=7,636 ; FY2023)




## Mga problema sa panahon ng training

\*Sa FY2021 at FY2023, ang mga dating trainee na “hindi pa bumabalik sa sariling bansa”, ay kabilang sa data.

Ukol sa katanungan kung nagkaroon ng problema ang mga trainee sa Japan maliban sa komunikasyon sa wikang Hapon, 82.4% ay sumagot na, “walang problema”. Ang pinaka-espesipikong detalye na, “Nagkaroon ng problema” dahil sa “nalulungkot at nawalay sa pamilya” ay nasa 55.1%. ( N=7,936 ; FY2023)



# Problema sa panahon ng training (paninirahan) sa Japan



## Hanay ng malayang makapag-comment (iba pang opinyon)

1,101 sa 7,936 na mga respondent ay nagbigay ng opinyon kabilang na ang mga sumusunod (maliban sa mga nabanggit sa itaas) .


- Nahirapan sa buhay dahil sa mababa ang yen.
- Gusto ko ng lugar na maaaring pagusapan ang mga alalahanin ko.
- Sana ma-extend pa ang panahon ng training at ang sistema sa pagkuha ng exam ay magbago.
- Walang kooperasyon sa pagitan ng kumpanya at ng nangangasiwang organisasyon.
- Ang nilalaman ng trabaho ay iba sa nakasaad sa kontrata.
- Nagkaroon ng hindi makatarungang dibisyon ng trabaho, at ang gawain ay hindi naayon sa mga kakayahan.
- Hindi naging posible ang komunikasyon dahil sa pagkakaiba ng wika.
- Hindi nasiyahan dahil sa mga kaugalian sa pagkain.

# Employment status matapos bumalik sa sariling bansa (pangkalahatan)

## Employment status matapos bumalik sa sariling bansa

\*Sa FY2021 at FY2023, ang mga dating trainee na sumagot na "hindi pa bumabalik sa sariling bansa", ay hindi isinama sa data.

Ukol sa employment status matapos bumalik sa sariling bansa, 31.1% sa mga respondent ay sumagot na, "natanggap na at nagtatrabaho" (12.4%) , "natanggap na at naka-iskedyul na magtatrabaho" (6.4%), o "nagsimula ng negosyo" (12.3%). ( N=3,179; FY2023)  
 At sa mga respondent na sumagot na , "natanggap at naka-iskedyul na magtatrabaho" o "nagsimula ng negosyo", 65,1% ay sumagot na ang kanilang trabaho ay pareho ng sa training" (48.5%) , o "pareho ng uri ng trabaho sa training"(16.6%) . ( N=990 ; FY2023)



	FY2023	FY2022	FY2021
Natanggap na at nagtatrabaho	12.4%	17.0%	16.3%
Natanggap at naka-iskedyul na magtatrabaho	6.4%	5.9%	9.3%
Nagsimula ng negosyo	12.3%	10.7%	14.4%
<b>Total ng tatlong nasa itaas</b>	<b>31.1%</b>	<b>33.6%</b>	<b>40.0%</b>
Pumapasok sa eskwela	1.2%	1.1%	1.2%
Naghahanap ng trabaho	20.3%	26.3%	25.9%
Babalik sa Japan bilang technical intern training (iii)	9.4%	10.5%	4.1%
Babalik sa Japan bilang SSW	21.1%	12.1%	5.0%
Walang ginagawa	7.4%	7.5%	9.0%
At iba pa	5.2%	3.9%	8.2%
Walang sagot	4.2%	5.1%	6.5%

	FY2023	FY2022	FY2021
Pareho ng trabaho sa training	48.5%	45.8%	42.4%
Pareho ng uri ng trabaho sa training	16.6%	20.7%	21.6%
<b>Total ng dalawa sa itaas</b>	<b>65.1%</b>	<b>66.5%</b>	<b>64.0%</b>
Magkaiba ang trabaho sa training	30.9%	29.0%	31.2%
Walang sagot	4.0%	4.4%	4.8%



# Employment status matapos bumalik sa sariling bansa (kategorya ng trabaho)

		Agrikultura	Pangingisda	Konstruksyon	Paggawa ng pagkain	Tela/Damit	Makinarya/Metal	At iba pa
Employment status matapos bumalik sa sariling bansa	Natanggap at nagtatrabaho	11.0%	0.0%	8.7%	7.3%	20.4%	16.3%	14.0%
	Natanggap at naka-iskedyul na magtrabaho	5.5%	3.0%	7.3%	4.5%	9.2%	9.8%	4.7%
	Nagsimula ng negosyo	13.4%	9.1%	17.8%	8.4%	8.5%	10.7%	12.9%
	<b>Total ng tatlo sa itaas (*)</b>	<b>29.9%</b>	<b>12.1%</b>	<b>33.9%</b>	<b>20.2%</b>	<b>38.0%</b>	<b>36.8%</b>	<b>31.5%</b>
	Pumapasok sa eskwela	0.0%	3.0%	0.4%	1.8%	1.4%	1.3%	1.5%
	Naghahanap ng trabaho	18.9%	27.3%	16.0%	22.2%	14.8%	23.2%	19.9%
	Babalik sa Japan bilang technical intern trainee(iii)	5.1%	3.0%	12.2%	10.2%	20.4%	5.1%	10.6%
	Babalik sa Japan bilang SSW	19.3%	36.4%	22.0%	24.0%	11.3%	15.7%	24.2%
	Walang ginagawa	17.3%	9.1%	5.3%	9.0%	8.5%	8.3%	4.3%
	At iba pa	4.7%	9.1%	4.7%	7.1%	1.4%	5.1%	5.1%
	Walang sagot	4.7%	0.0%	5.3%	5.5%	4.2%	4.5%	2.8%
Nilalaman ng trabaho	Pareho ng trabaho tulad sa training	39.5%	25.0%	31.6%	37.9%	79.6%	56.5%	49.9%
	Pareho ng uri ng trabaho tulad sa training	28.9%	25.0%	18.4%	22.3%	3.7%	12.7%	16.3%
	<b>Total ng dalawa sa itaas (*)</b>	<b>68.4%</b>	<b>50.0%</b>	<b>50.0%</b>	<b>60.2%</b>	<b>83.3%</b>	<b>69.2%</b>	<b>66.2%</b>
	Magkaiba ang trabaho sa training	31.6%	25.0%	44.7%	35.9%	13.0%	25.4%	30.6%
	Walang sagot	0.0%	25.0%	5.3%	3.9%	3.7%	5.4%	3.2%

(\*) Dahil sa rounding, ang mga numero ay maaaring hindi eksaktong magkatugma.

# Employment status matapos bumalik sa sariling bansa (nasyonalidad)

		Vietnamese	Chinese	Indonesian	Philippine	Thai
Employment status matapos bumalik sa sariling bansa	Natanggap at nagtatrabaho	12.7%	17.5%	5.0%	20.8%	10.0%
	Natanggap at naka-iskedyul na magtrabaho	4.3%	9.3%	8.3%	2.2%	9.3%
	Nagsimula ng negosyo	11.5%	3.3%	22.9%	16.5%	8.6%
	<b>Total ng tatlo sa itaas (*)</b>	<b>28.5%</b>	<b>30.0%</b>	<b>36.1%</b>	<b>39.4%</b>	<b>27.9%</b>
	Pumapasok sa eskwela	1.5%	0.0%	1.5%	0.4%	3.0%
	Naghahanap ng trabaho	19.4%	32.0%	14.7%	12.1%	17.1%
	Babalik sa Japan bilang technical intern training (iii)	11.8%	2.8%	8.6%	10.0%	15.2%
	Babalik sa Japan bilang SSW	26.2%	5.1%	29.2%	22.9%	11.5%
	Walang ginagawa	5.0%	19.2%	1.8%	2.6%	9.3%
	At iba pa	4.6%	5.4%	3.6%	6.1%	10.8%
	Walang sagot	3.0%	5.4%	4.5%	6.5%	5.2%
Nilalaman ng trabaho	Pareho ng trabaho tulad sa training	46.9%	63.4%	32.5%	64.8%	49.3%
	Pareho ng uri ng trabaho tulad sa training	21.0%	20.6%	9.6%	7.7%	16.0%
	<b>Total ng dalawa sa itaas (*)</b>	<b>67.9%</b>	<b>84.0%</b>	<b>42.1%</b>	<b>72.5%</b>	<b>65.3%</b>
	Magkaiba ang trabaho sa training	30.5%	14.4%	47.9%	24.2%	29.3%
	Walang sagot	1.5%	1.5%	10.0%	3.3%	5.3%

(\*) Dahil sa rounding, ang mga numero ay maaaring hindi eksaktong magkatugma.

# Employment status matapos bumalik sa sariling bansa (technical intern training)

		1(i)	2(ii)	3(iii)
Employment status matapos bumalik sa sariling bansa	Natanggap na at nagtatrabaho	11.8%	13.8%	9.9%
	Natanggap at naka-iskedyul na magtatrabaho	4.2%	6.0%	6.6%
	Nagsimula ng negosyo	15.5%	11.3%	13.0%
	<b>Total ng dalawa sa itaas(*)</b>	<b>31.5%</b>	<b>31.1%</b>	<b>29.6%</b>
	Pumapasok sa eskwela	2.4%	1.0%	1.3%
	Naghahanap ng trabaho	17.6%	22.3%	17.0%
	Babalik sa Japan bilang technical intern trainee (iii)	8.5%	11.6%	5.7%
	Babalik sa Japan bilang SSW	22.7%	17.5%	28.6%
	Walang ginagawa	7.3%	7.8%	7.2%
	At iba pa	7.0%	4.8%	5.7%
	Walang sagot	3.0%	3.9%	4.8%
Nilalaman ng trabaho	Pareho ng trabaho tulad sa training	36.5%	53.3%	42.5%
	Pareho ng uri ng trabaho tulad sa training	23.1%	17.1%	12.7%
	<b>Total ng dalawa sa itaas(*)</b>	<b>59.6%</b>	<b>70.4%</b>	<b>55.2%</b>
	Magkaiba ang trabaho sa training	35.6%	27.3%	38.4%
	Walang sagot	4.8%	2.2%	6.3%

(\*) Dahil sa rounding, ang mga numero ay maaaring hindi eksaktong magkatugma.